

BIBLE STUDY

SMALL GROUP SESSION
PAGTUKLAS PAG-UNAWA PAGTUGON

ABRIL 23-29, 2023

Mga Gawa 11:19-30



MAHALAGANG

PRINSIPYO SA BUHAY

Mga Gawa 11:19-30



PAGTUKLAS



PAG-UNAWA



PAGTUGON



Mga Gawa 11:19–30

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

Ang Iglesya sa Antioquia

19 May mga mananampalatayang nagkahiwa-hiwalay dahil sa pag-uusig na nagsimula noong patayin si Esteban, na nakarating sa Fenicia, sa Cyprus at sa Antioquia. Ipinangaral nila ang salita, ngunit sa mga Judio lamang.

20 Subalit may kasama silang ilang mga taga-Cyprus at mga taga-Cirene na pagdating sa Antioquia ay ipinangaral din sa mga Griego[a] ang Magandang Balita tungkol sa Panginoong Jesus.

Mga Gawa 11:19–30

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

21 Nasa kanila ang kapangyarihan ng Panginoon, at maraming naniwala at sumunod sa Panginoong Jesus.

22 Nang mabalitaan ito ng iglesya sa Jerusalem, isinugo nila sa Antioquia si Bernabe. 23 Nang dumating siya roon at makita ang pagpapala ng Diyos sa kanila, siya'y nagalak at pinagpayuhan silang lahat na manatiling tapat sa Panginoon nang buong puso.

Mga Gawa 11:19–30

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)


24 Mabuting tao si Bernabe, puspos ng Espiritu Santo at ng pananampalataya sa Diyos. At marami pang tao ang sumampalataya sa Panginoon.

25 Nagpunta si Bernabe sa Tarso upang hanapin si Saulo, 26 at nang kanyang matagpuan ay isinama niya ito sa Antioquia. Isang taon silang nanatili roon na kasa-kasama ng iglesia, at nagtuturo sa maraming tao. Doon sa Antioquia unang tinawag na Cristiano ang mga tagasunod ni Jesus.

Mga Gawa 11:19–30

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

27 Nang panahong iyon, dumating sa Antioquia ang ilang propeta mula sa Jerusalem. 28 Tumayo ang isa sa kanila na ang pangala'y Agabo, at sa kapangyarihan ng Espiritu ay nagpahayag na magkakaroon ng matinding taggutom sa buong daigdig. Nangyari nga iyon noong kapanahunan ni Emperador Claudio. 29 Napagpasyahan ng mga alagad na magpadala ng tulong sa mga kapatid na naninirahan sa Judea, ayon sa kakayanan ng bawat isa. 30 Ganoon nga ang ginawa nila; ipinadala nila ang kanilang tulong sa mga matatandang namumuno sa iglesia sa pamamagitan nina Bernabe at Saulo.



"Bilang isang miyembro ng KBCF, susuportahan ko ang iglesia sa pamamagitan ng pagtulong sa mga kapatirang may mga pisikal at ispiritwal na pangangailangan."



Ano ang nangyari sa mga mananampalataya sa Jerusalem noong sila ay inusig pagkatapos ng pagpatay kay Esteban, na nakasulat sa Mga Gawa 6:8-15; 7?



Mga Gawa 11:19-30

PAGTUKLAS

1



Ano ang ginawa ng iglesia na
nasa Jerusalem nang
malaman nila ang mga
pangyayaring ito sa
Antioquia (vv. 22–26)?



Mga Gawa 11:19–30

PAGTUKLAS 2



Ano ang ginawa ng mga mananampalataya sa Antioquia nang ipinahayag ng propetang Agabo sa pamamagitan ng Espiritu na magkakaroon ng malaking taggutom sa buong sanlibutan (vv. 27–30)?



Mga Gawa 11:19–30

PAGTUKLAS

3



Ano ang halimbawang
ipinakita ni Bernabe tungkol sa
pagtuturo sa mga tao upang
maging alagad ng Diyos at
makatulong sa paglago ng
iglesia?




Mga Gawa 11:19-30

PAGTUKLAS

4






May mga
mananampalataya na
nangaral ng Salita ng Diyos
sa mga Judio lamang, at
mayroon namang
nagpahayag din sa mga
Hentil (mga hindi Judio)?
Bakit kaya?

Mga Gawa 11:19-30

PAG-UNAWA

1



Malinaw na nakasulat sa teksto na ang dalawang iglesia sa Jerusalem at sa Antioquia ay nagtulungan. Ang isang iglesia ay nagpadala ng tao (si Barnabas) upang tugunan ang pangangailangang ispiritwal ng mga kapatiran; at ang isa naman ay nagpadala ng materyal na tulong para sa mga pangangailangang pisikal dulot ng taggutom. Ano ang maaari nating mabatid sa kanilang ipinakitang halimbawa?

Mga Gawa 11:19–30

PAG-UNAWA

2

Bilang mga tagasunod ng Panginoong Jesus, tayo ay pinangaralan ni Apostol Pablo na, 'Magtulungan kayo sa pagbuhat ng pasanin ng bawat isa. Sa gayong paraan ay matutupad ninyo ang kautusan ni Cristo' (Mga Taga Galacia 6:2). Ang ating kapatiran sa KBCF ay may mga iba't-ibang pangangailangan.

Maaari mo bang ibahagi ang mga pagkakataon na ikaw ay nakapagbigay ng tulong sa mga kapatiran sa KBCF?



Mga Gawa 11:19-30

PAGTUGON

1.a

Bilang mga tagasunod ng Panginoong Jesus, tayo ay pinangaralan ni Apostol Pablo na, 'Magtulungan kayo sa pagbuhat ng pasanin ng bawat isa. Sa gayong paraan ay matutupad ninyo ang kautusan ni Cristo' (Mga Taga Galacia 6:2). Ang ating kapatiran sa KBCF ay may mga iba't-ibang pangangailangan.

May mga pagkakataon ba na hindi ka nakapagbigay ng tulong? Ano ang dahilan? Ano ang maaari mo sanang ginawa?



Mga Gawa 11:19-30

PAGTUGON

1.b

Nabanggit sa Mga Gawa 11: 19–30 ang kumpas ng Banal na Espiritu sa ginawang pagtulong ng mga alagad at ng iglesia sa mga pangangailangang pisikal at ispiritwal ng mga kapatiran.

Paano ka binibigyan ng kakayanan ng Banal na Espiritu upang makatulong sa pangangailangang pisikal ng mga kapatiran sa KBCF?



Mga Gawa 11:19–30

PAGTUGON

2.a

Nabanggit sa Mga Gawa 11: 19–30 ang kumpas ng Banal na Espiritu sa ginawang pagtulong ng mga alagad at ng iglesia sa mga pangangailangang pisikal at ispiritwal ng mga kapatiran.


Paano ka binibigyan ng kakayanan ng Banal na Espiritu upang makatulong sa pangangailangang ispiritwal ng mga kapatiran sa KBCF?



Mga Gawa 11:19–30

PAGTUGON

2.b




"Bilang isang miyembro ng KBCF, susuportahan ko ang iglesia sa pamamagitan ng pagtulong sa mga kapatirang may mga pisikal at ispiritwal na pangangailangan."



MAHALAGANG

PRINSIPYO SA BUHAY

Mga Gawa 11:19-30



PAGTUKLAS



PAG-UNAWA



PAGTUGON



Small Group Sessions
CLOSING PRAYER



BIBLE STUDY

SMALL GROUP SESSION
PAGTUKLAS PAG-UNAWA PAGTUGON

SEE YOU NEXT WEEK!

Mga Gawa 11:19-30





KBCF

#4 11th Jamboree Street, Sacred Heart, Quezon City, Philippines

Worship Service Schedule: 9am

Livestream: Facebook and YouTube



kbcf.org.ph



KBCFofficial



KBCFamily



kbcf.office@gmail.com



0917-886-6650



8927-7420 | 8928-6584